

MEMORANDUM

PARA SA: Mga Katuwang sa Komunidad ng Alameda County

MULA KAY: Lori A. Cox, Direktor ng Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan ng Alameda County
Colleen Chawla, Direktor ng Ahensiya ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Alameda County

TUNGKOL SA: UPDATE: Desisyon ng Korte Suprema: "Public Charge"

PETSA: Enero 30, 2020

Mariing tinututulan ng Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan ng Alameda County (Social Services Agency, SSA), Ahensiya ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Services Agency, HCSA), at ng Lupon ng mga Superbisor ang mga pagbabago sa Administrasyon ni Trump sa luma na at hindi kinakailangang pederal na pang-administratibong panuntunan na kilala bilang "public charge".

Inalis ang Utos na Pumipigil sa Paggawa ng Partikular na Aksyon

Ngayong linggong ito inalis ng [Korte Suprema](#) ang utos na pumipigil sa paggawa ng partikular na aksyon sa buong bansa na nagpatigil sandali sa pagpapatupad ng panuntunan ng public charge. Ito ang huli sa natitirang mga utos ng pagpigil sa paggawa ng partikular na aksyon ng tatlong korte ng distrito sa buong bansa, na nangangahulugang magkakabisa ang panuntunan ng Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Bayan (Department of Homeland Security, DHS) sa buong bansa, maliban sa Illinois kung saan ito ay hinahadlangan ng utos ng pagpigil sa paggawa ng partikular na aksyon sa buong estado. Nauunawaan namin na ipapatupad ng DHS ang panghuling panuntunang ito sa o pagkatapos ng Pebrero 24, 2020.

Mga mahalagang detalye na kailangang malaman

Bilang paalala, ang mga panuntunan para sa mga pampublikong tulong na benepisyo ng California ay hindi nagbago. Kasama rito ang pananatiling hindi magbabago ang lahat ng alituntunin sa pagiging karapat-dapat at access sa mga benepisyo para sa mga legal na permanenteng residente at mga kliyente na mayroong mga kwalipikadong katayuan bilang imigrante. Gusto naming tulungan ang aming mga kliyenteng patuloy na matanggap ang tulong na nararapat nilang matanggap at ng kanilang mga pamilya.

Sinusuportahan ng County ng Alameda ang mga serbisyo sa mga imigrante

Nananatili kaming nakatuon sa at sumusuporta sa access sa mga serbisyo ng lahat ng inibiduwal at pamilyang nakatira sa County ng Alameda County, kasama ang mga imigrante. Gusto naming patuloy na bigyan ng kaalaman at kakayahan ang aming komunidad upang aktibong makibahagi sa isang abugado sa imigrasyon kung mayroon silang anumang mga tanong o alalahanin tungkol sa kanilang indibiduwal na kaso. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [Pampublikong Anunsyo sa public charge](#).

Mga Koneksyon sa Mga Serbisyo ng Abugado tungkol sa Imigrasyon

Ang sinumang nababahala tungkol sa pag-a-apply ng mga benepisyo o pinag-iisipang alisin ang mga benepisyo ay dapat kumonsulta sa isang abugado ng imigrasyon. Mangyaring bigyan ang mga kliyente ng sumusunod na impormasyon sa libreng tulong ng abugado sa komunidad:

- Asian Pacific Islander Legal Outreach (510) 251-2846
- Bay Area Legal Aid (510) 663-4744
- Catholic Charities of the East Bay (510) 437-1554
- Centro Legal De La Raza (510) 437-1554
- East Bay Community Law Center (510) 548-4040

- International Institute of the East Bay (510) 451-2846

Para sa pinakabagong impormasyon, mangyaring pumunta sa webpage ng Mga Mapagkukunan sa Imigrasyon ng SSA sa:

<https://immigration.alamedasocialservices.org>, o makipag-ugnayan sa Direktor ng Patakaran ng SSA na si Anissa Basoco-Villarreal sa abvillarreal@acgov.org o (510) 271-9181, o sa Direktor ng Patakaran ng HCSA na si Eileen Ng sa EileenNg@acgov.org.